# *Ang Daan Upang Maging Mapalad Yugto 2*

Ang Bibliya ay puno ng mga bersekulo at talata na nagtuturo sa atin ng paraan ng pamumuhay para sa Diyos at pagpalain Niya, kaya sa araw araw ay aanihin natin ang mga pagpapala ng Diyos. Ating babalikan dito ang iba pang mga paraan ng Diyos upang maging mapalad na matutunan natin mula sa Kanyang Salita.

***1. "17 At nilabas na sinalubong siya ng hari sa Sodoma pagkatapos na siya'y magbalik na mula sa pagpatay kay Chedorlaomer, at sa mga haring kasama niya sa libis ng Shave (na siyang libis ng hari).18 At si Melquisedec, na hari sa Salem, ay naglabas ng tinapay at alak; at siya'y saserdote ng Kataastaasang Dios.19 At binasbasan niya siya na sinabi, Pagpalain si Abram ng Kataastaasang Dios, na may-ari ng langit at ng lupa:20 At purihin ang Kataastaasang Dios, na nagbigay ng iyong mga kaaway sa iyong kamay. At binigyan siya ni Abram ng ikasangpung bahagi ng buong samsam." (Genesis 14:17-20)*** Si Abram ay umalis upang iligtas ang kanyang pamangkin mula sa apat na mga hari na sumalakay sa Sodom at kinuha si Lot kasama ang lahat nang mayroon siya bilang bihag. Pinagpala ng Panginoon si Abram ng tagumpay at ibinigay sa kanyang mga kamay ang kanyang mga kaaway. Sa pagtugon sa kabutihan ng Diyos si Abram ay kumilos sa tapat na paraan gaya ng ating binasa sa ***Genesis 14.*** Nang siya ay bumalik mula sa paggapi sa apat na mga hari, ang dalawang hari ay umalis upang makipagkita sa kanya. Ang una ay ang hari ng Sodom na kumakatawan sa diablo, at ang pangalawang hari ay si Melquisedec hari ng Salem na maaring gaya ni Crsito at katulad ng Anak ng Diyos gaya ng mababasa natin dito, ***"1 Sapagka't itong si Melquisedec, hari sa Salem, saserdote ng Kataastaasang Dios, na siyang sumalubong kay Abraham sa pagbabalik na galing sa paglipol sa mga hari at siya'y pinagpala niya,2 Na siya namang binahagihan ni Abraham ng ikasangpung bahagi ng lahat (na kung sasaysayin, una-una, siya'y Hari ng katuwiran, at saka Hari naman sa Salem, na sa makatuwid, ay Hari ng kapayapaan;3 Na walang ama, walang ina, walang tandaan ng lahi, at walang pasimula ng mga araw ni katapusan ng buhay man, datapuwa't naging katulad ng Anak ng Dios), ay nanatiling saserdote magpakailan man." (Hebreo 7:1-3)*** Pagkatapos magtagumpay ni Abram hindi siya nakipagtagpo sa hari ng Sodom, ngunit una siyang lumapit sa Panginoon, at siya'y sumigla sa pamamagitan ng tinapay at ng alak at ibinigay niya sa Panginoon ang lahat ng kanyang nasamsam. ***"4 Nilaynilayin nga ninyo kung gaano ang kadakilaan ng taong ito, na binigyan ni Abraham, na patriarka, ng ikasangpung bahagi ng mga pinakamagagaling na samsam." (Hebreo 7:4)*** Maingat na isinaalang -alang ni Abram na ang Panginoon ay sumasa kanya at ang Panginoon mismo ang nagbigay sa kanya ng katagumpayan at ang lahat ng kanyang nasamsam, kaya pagkatapos ng katagumpayan siya ay pumunta at nakipagpisan sa Panginoon at nag-ikapu sa kanyang kinita sa Diyos. Ang matututunan sa sitwasyong iyon kung paano tayo makatatanggap ng mas maraming pagpapala mula sa Diyos ay tulad ng mga sumusunod:

• Kapag pinagpapala Niya ka, unahin ang Diyos sa pamamagitan ng paglapit sa Kanya, pagpunta sa Kanyang simbahan, at pakikipagkita sa tao at sa mga taong kumakatawan sa Diyos.
• Kapag ikaw ay pinagpapala Niya huwag kang pumunta sa ibang tao at kaibigan at sayangin ang iyong oras at pera sa kanila.
• Lumapit sa Diyos at magpasalamat sa Kanya at magpasalamat sa lahat ng tagumpay na ibinigay Niya sa inyo.
• Lumapit sa Diyos at higit na pagpapalain sa pamamagitan ng pakikipagsalo sa tinapay at saro.
• Lumapit sa Diyos at higit na pagpapalain sa pamamagitan ng pagbibigay ng ikasampung bahagi ng lahat ng natanggap mo sa Diyos.

Ang matutunan natin dito ang sumusunod: Kapag pinaginhawa tayo ng Diyos, iniligtas tayo a tinulungan tayo sa panahon ng mga kaguluhan sa gayon hindi natin kailangan kalimutan ang Diyos kundi ipakita ang katapatan sa Kanya. Kung gagawin natin iyon sa gayon higit pang pagpapala ang dadaloy sa ating buhay at iyon ang nangyari kay Abram bilang ipinakita niya ang kanyang katapatan sa Panginoon, siya ay pinagpala pa ng Panginoon. Ganon din sa iyo, kung mas tapat at nagpapasalamat ka sa Diyos, lalo kang pagpapalain ng Panginoon.

***"30 At lahat na ikasangpung bahagi ng lupain, maging sa binhi ng lupain, o sa bunga ng punong kahoy ay sa Panginoon: magiging banal sa Panginoon." (Levitico 27:30)*** Anuman ang ating natatanggap kailangan nating mag-ikapu para doon. Sa Malachias ay nagsalita pa ng mga detalye tungkol sa pagbibigay ng ikapu: ***"8 Nanakawan baga ng tao ang Dios? gayon ma'y ninanakaw ninyo ako. Nguni't inyong sinasabi, Sa ano ka namin ninakawan? Sa mga ikasangpung bahagi at sa mga handog.9 Kayo'y nangagsumpa ng sumpa sapagka't inyo akong ninakawan, sa makatuwid baga'y nitong buong bansa.1o Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay, at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan.11 At aking sasawayin ang mananakmal dahil sa inyo, at hindi niya sisirain ang mga bunga sa inyong lupa; ni malalagasan man ng bunga sa di panahon ang inyong puno ng ubas sa parang, sabi ng Panginoon ng mga***

***hukbo,12 At tatawagin kayo ng lahat na bansa na mapalad: sapagka't kayo'y magiging maligayang lupain, sabi ng Panginoon ng mga hukbo." (Malachias 3 :8-12)***

1. Ang hindi pagbibigay ng ikapu ay isinasa-alang na pagnanakaw sa Diyos (bersekulo 8-9)
2. Kailangang dalhin natin ang ating buong ikapu, o magikapu sa lahat ng bagay na ating natatanggap (bersekulo 10)
3. Sa pagdadala ng ating buong ikapu ay magbubukas ng durungawan ng Langit (bersekulo10) na walang lugar na mapaglagyan ng Kanyang mga pagpapala.
4. Sa pagdadala ng ikapu upang magkaroon ng espirituwal na pagkain sa Kanyang bahay (bersekulo 10), kaya naman kailangan nating dalhin ang ating ikapu sa simbahan na nangangalaga sa ating espirituwal at nagpapakain sa atin ng Salita ng Diyos, upang ang gawain ng Diyos ay magpatuloy.
5. Sa pagdadala ng ikapu ay magpapakilos sa Diyos upang sawayin ang mananakmal sa ating buhay (bersekulo 11). Sa pagdadala ng ating ikapu sasawayin ng Diyos at aalisin ang mga karamdaman, dagdag na mga gastusin, multa, aksidente, buwis, atibp.
6. Ang pagpapala ng Diyos ay makikita sa ating buhay at ang lahat ng mga bansa at mga taong nakapalibot sa atin ay makikita ang mga pagpapala ng Diyos na umaapaw sa ating buhay, at tatawagin nila tayong ***'pinagpala''***, ***''12 At tatawagin kayo ng lahat na bansa na mapalad: sapagka't kayo'y magiging maligayang lupain, sabi ng Panginoon ng mga hukbo.'' (Malachias 3:12)***

***2. "1 At nang makita ng bayan na nagluluwat si Moises ng pagpanaog sa bundok, ay nagpipisan ang bayan kay Aaron, at nagsabi sa kaniya, Tumindig ka at igawa mo kami ng mga dios na mangunguna sa amin; sapagka't tungkol sa Moises na ito, na lalaking nagsampa sa amin mula sa lupain ng Egipto, ay hindi namin maalaman kung anong nangyari sa kaniya.2 At sinabi ni Aaron sa kanila, Alisin ninyo ang mga hikaw na ginto, na nasa tainga ng inyo-inyong asawa, ng inyong mga anak na lalake, at babae, at dalhin ninyo sa akin.3 At inalis ng buong bayan ang mga hikaw na ginto na nangasa kanilang mga tainga, at dinala kay Aaron.4 At kaniyang tinanggap sa kanilang kamay, at niyari sa pamamagitan ng isang buril, at ginawang isang guyang binubo, at kanilang sinabi, Ang mga ito ang maging iyong mga dios, Oh Israel, na nagsampa sa iyo mula sa lupain ng Egipto.5 At nang makita ito ni Aaron, ay nagtayo siya ng isang dambana sa harapan niyaon: at itinanyag ni Aaron at sinabi, Bukas ay pista sa Panginoon.6 At sila'y bumangong maaga nang kinabukasan, at naghandog ng mga handog na susunugin, at nagdala ng mga handog tungkol sa kapayapaan; at ang bayan ay umupong kumain at uminom, at tumindig upang magkatuwa.7 At sinalita ng Panginoon kay Moises, Yumaon ka, bumaba ka, sapagka't ang iyong bayan, na iyong isinampa mula sa lupain ng Egipto ay nangagsisama:8 Sila'y humiwalay na madali sa daan na aking iniutos sa kanila: sila'y gumawa ng isang guyang binubo, at kanilang sinamba, at kanilang hinainan, at kanilang sinabi, Ang mga ito'y iyong maging mga dios, Oh Israel, na nagsampa sa iyo mula sa lupain ng Egipto.9 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Aking nakita ang bayang ito, at, narito, isang bayang may matigas na ulo;10 Ngayo'y bayaan mo nga ako upang ang aking pagiinit ay magalab laban sa kanila, at upang aking lipulin sila: at ikaw ay aking gagawing dakilang bansa.11 At dumalangin si Moises sa Panginoon niyang Dios, at sinabi, Panginoon, bakit ang iyong pagiinit ay pinapagaalab mo laban sa iyong bayan, na iyong inilabas sa lupain ng Egipto sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan at ng makapangyarihang kamay? 12 Bakit sasalitain ng mga Egipcio, na sasabihin, Dahil sa kasamaan, inilabas sila upang patayin sila sa mga bundok, at upang lipulin sila sa balat ng lupa? Iurong mo ang iyong mabangis na pagiinit, at pagsisihan mo ang kasamaang ito laban sa iyong bayan.13 Alalahanin mo si Abraham, si Isaac, at si Israel na iyong mga lingkod, na silang iyong mga sinumpaan sa iyong sarili, at mga pinagsabihan, Aking pararamihin ang inyong binhi na gaya ng mga bituin sa langit, at lahat ng lupaing ito na aking sinalita ay aking ibibigay sa inyong binhi, at kanilang mamanahin magpakailan man.14 At pinagsisihan ng Panginoon ang kasamaan na kaniyang sinabing kaniyang gagawin sa kaniyang bayan.15 At si Moises ay pumihit, at bumaba sa bundok, na dala ang dalawang tapyas ng patotoo sa kaniyang kamay; mga tapyas na may sulat sa dalawang mukha niyaon; sa isang mukha at sa kabilang mukha ay may sulat.16 At ang mga tapyas ay gawa ng Dios, at ang sulat ay sulat ng Dios, na nakaukit sa mga tapyas.17 At ng marinig ni Josue ang ingay ng bayan na humihiyaw, ay sinabi kay Moises, May ingay ng pagbabaka sa kampamento.18 At kaniyang sinabi, Hindi ingay ng pagtatagumpay, o ingay man ng pagkatalo, kundi ingay ng mga umaawit ang aking naririnig.19 At nangyari paglapit niya sa kampamento, na kaniyang nakita ang guya at ang sayawan; at ang galit ni Moises ay naginit at kaniyang inihagis ang mga tapyas na nasa kaniyang mga kamay at nangasira sa paanan ng bundok.20 At kaniyang kinuha ang guya na kanilang ginawa, at sinunog ng apoy, at giniling hanggang sa naging alabok, at isinaboy sa ibabaw ng tubig, at ipinainom sa mga anak ni Israel.21 At sinabi ni Moises kay Aaron, Anong ginawa ng bayang ito sa iyo, na dinalhan mo sila ng isang malaking sala? 22 At sinabi ni Aaron, Huwag maginit ang galit ng aking panginoon: iyong kilala ang bayan, na sila'y mahilig sa kasamaan.23 Sapagka't kanilang sinabi sa akin, Igawa mo kami ng mga dios na mangunguna sa amin: sapagka't tungkol sa Moises na ito, na lalaking nagsampa sa amin mula sa lupain ng Egipto ay hindi namin maalaman kung anong nangyari sa kaniya.24 At aking sinabi sa kanila, Sinomang may ginto, ay magalis; na anopa't kanilang ibinigay sa akin: at aking inihagis sa apoy at lumabas ang guyang ito." (Exodu 32:1-24)***
Sa kasaysayang ito makikita natin na ang kapisanan ay naligaw ng landas at nagsimulang sumamba sa dios-

diosan. Hinarap ni Moises ang isyu sa pamamagitan ng pananalangin at pamamagitan sa Diyos na patawarin at dinggin ang mga tao at huwag ipadala sa kanila ng Kanyang poot at patayin silang lahat. Sinunog din ni Moises sa apoy ang gintong guya, kanyang dinikdik hanggang maging alabok, at ibinuhos sa ibabaw ng tubig, at ipinainom sa mga anak ng Israel. Pinagsabihan din niya si Aaron sa kanyang ginawa sa pangunguna sa mga tao upang iligaw at paggawa para sa kanila ng gintong guya. Gaya ng ginawa ni Moises ang sumusunod: ***"25 At nang makita ni Moises na ang bayan ay nakakawala; sapagka't pinabayaan ni Aarong makawala ng maging isang kabiruan sa gitna ng kanilang mga kaaway:26 Ay tumayo nga si Moises sa pintuang-daan ng kampamento, at nagsabi, Sinomang sa Panginoon ang kiling ay lumapit sa akin.At lahat ng mga anak ni Levi ay nagpipisan sa kaniya.27 At sinabi niya sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel: Ipatong ng bawa't lalake ang kaniyang tabak sa kaniyang hita, at yumaon kayong paroo't parito sa mga pintuang-daan, sa buong kampamento, at patayin ng bawa't lalake ang kaniyang kapatid na lalake, at ng bawa't lalake ang kaniyang kasama, at ng bawa't lalake ang kaniyang kapuwa.28 At ginawa ng mga anak ni Levi ang ayon sa salita ni Moises: at nabuwal sa bayan ng araw na yaon, ang may tatlong libong katao.29 At sinabi ni Moises, Italaga ninyo ang inyong sarili ngayon sa Panginoon, oo, bawa't lalake laban sa kaniyang anak na lalake, at laban sa kaniyang kapatid na lalake, upang kaniyang ipagkaloob sa inyo ang pagpapala sa araw na ito." (Exodu 32:25-29)***

Dito nang nakita ni Moises na ang mga tao ay nagwala at hubad, tumayo sa pintuang-daan ng kampamento at tinawag, ***"Sinomang sa Panginoon ang kiling ay lumapit sa akin."*** Ang mga Levita lamang ang lumapit sa kanya, tumayo kasama ng Panginoon, at tumugon sa tawag ng Diyos at hindi tumayo at sinuportahan ang kanilang mga kapatid at mga anak o ang ibang tao mula sa ibang lipi na sumasamba sa dios-diosang iyon at gumawa ng maling mga bagay laban sa Panginoon. Kapag ikaw ay nakipagkompromiso sa mga tao ang mga pagpapala ng Diyos ay mawawala at ang sumpa ay magsisimula sa iyong buhay. Ang mga Levita ay tumayo kahit sa Panginoon laban sa kanilang mga kapatid at anak at iyon ang dahilan sa Panginoon upang ibukod sila para sa Kanyang paglilingkod at kaya naman at kung paano Niya pinagpala sila gaya ng ating babasahin dito, "***29 At sinabi ni Moises, Italaga ninyo ang inyong sarili ngayon sa Panginoon, oo, bawa't lalake laban sa kaniyang anak na lalake, at laban sa kaniyang kapatid na lalake, upang kaniyang ipagkaloob sa inyo ang pagpapala sa araw na ito." (Exodu 32:29)*** Sa parehong paraan tatawagin tayo ng Diyos upang paglingkuran Siya at ibigay ang Kanyang mga pagpapala sa atin kapag hindi tayo nakipagkompromiso sa mga tao at pinayagan sila at sa kanilang mga maling gawain. Kaya mapagtatanto nating malinaw na hindi nating kailangang pumanig sa kadugong mga kamag-anak at kaibigan sa kanilang mga maling ginagawa, sa kanilang mga tradisyon, at mga gawi o subukang paluguran sila, kundi paluguran ang Panginoon upang matanggap natin ang Kanyang mga pagpapala. Sinabi ni Jesus, ***"37 Ang umiibig sa ama o sa ina ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin; at ang umiibig sa anak na lalake o anak na babae ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin." (Mateo 10:37)*** Kailangan unahin ang Diyos, ang Kanyang Salita at ang Kanyang kalooban una sa lahat ng mga kadugong kamag-anak, mga kaibigan, at masamang makamundong kasalanan at mga tradisyunal na gawi. Kung gusto mo ngayon ng pagpapala ng Diyos sa gayon yumaon at harapin ang mga kasalanan at pagsamba sa dios-diosan sa iyong mga kasapi ng pamilya at tumayo kasama ng Panginoon at ng Kanyang Salita at huwag makipagkompromiso at ipagkakaloob Niya sa iyo ang Kanyang mga pagpapala; ang kaligtasan ni Jesus, ang bautismo ng Banal na Espiritu, at anuman ang iyong kailangan sa buhay na ito upang paglingkuran Siya at gawin ang Kanyang kalooban.

Ano ang mga dios-diosan at mga kasalanan na kailangang ipaalala sa atin at iwasan at magsisi mula at huwag sumang-ayon sa mga kamag-anak at kaibigan tungkol sa mga ito, ay ang mga sumusunod:

A. Pagnanasa at immoralidad; pagkakaroon ng katipang lalaki at katipang babae, pakikipagtagpo, panunuyo, panonood ng ponograpiya, pagsasama ng hindi kasal, paghihiwalay at pag-aasawang muli, pangangalunya, maramihang pag-aasawa at wala sa kautusan ng pag-aasawa sa pag-aasawa sa hindi mananampalataya, at pagtanggap sa isang solong ama o solong ina na mag-asawa sa iba na hindi ina o ama ng kanya o kanilang mga anak.

B. Pagdiriwang ng mga kapistahan ng mga dios-diosan; pagdiriwang ng Bagong Taon at pasko nang may Santa Claus, Christmas Tree, pagdiriwang ng araw ng kapanganakan, anibersaryo ng kasal, at anibersaryo ng pagkamatay, pagdiriwang ng araw ng Ama at Ina, Halloween (Pag-aani), Araw ng Lahat ng mga Banal, Araw ng Puso, Buwan ng mga Pastor, at Pamamaalam na pagdiriwang. Ang lahat ng mga pagdiriwang na ito ay dapat mawala sa ating buhay. At maari ka pang magdagdag sa listahan, dahil sa lahat ng kultura at etnikong pangkat ay nagdagdag ng ilang mga dios-diosan at araw para sa pagdiriwang, nang walang anumang dahilan sa Bibliya, sa buhay ng simbahan.

C. Pagmamalaki, pagmamayabang, pagpapakitang gilas, at walang maayos na pananamit.

D. Kasakiman, pag-iimbot, at pagibig sa salapi.

E. Pagsasayang at paggastos nang higit.

F. Katawakan, pagkain ng sobra, pagibig sa pagkain kaysa sa Diyos, pagbili ng pagkain sa restawrant, pagibig sa mga handaan at pagdiriwang ngunit tumangging mag-ayuno.

G. Kamunduhan, pagsasayang oras sa TV, You-Tube, at facebook, mga laro atbp.

H. Paninirang-puri, masamang hangarin, inggit, paninbugho, kabiguan, pagkakaroon ng sama ng loob, galit, poot, at hindi pagpapatawad, pagmamayabang, pakikipag-away, katamaran, kasiyahan at kawalan ng pangako sa Diyos, at paglilingkod sa mga makamundong bagay ngunit ayaw maglingkod sa Diyos.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Ang paraan ng Diyos ay malinaw sa atin at ito'y makakatulong sa atin at idederekta tayo na gawin ang kalooban ng Diyos at lumakad sa Kanyang landas upang tayong pagpalain. Ang nasa itaas na nabanggit na gawi at mga kasalanan ay hindi lamang hahadlang sa mga pagpapala ng Diyos mula sa pag-abot sa atin kundi mag-aanyaya din ng mga sumpa sa ating buhay, sa gayon dapat lubos nating iwasan. May mga tamang bagay na kailangan nating gawin at may mga masamang bagay na kailangan nating ihinto, putulin, iwasan at layuan upang pagpalain, gaya ng ating pagsang-ayon na manalangin.

***Ang aking Panalangin:*** *Ama Diyos ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita na nagturo sa akin nang malinaw ang iyong mga paraan. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili upang isalapat ang aking binasa sa mensaheng ito at italaga ang aking buhay upang maglingkod sa iyo sa paraan na nais mo na gawin ko.*

*Magsisi at talikuran ang inyong mga kasalanan; sa paglalagay una ng Diyos sa iyong buhay at sa Kanyang simbahan, at sa Kanyang bayan at sa paglilingkod at pagseserbisyo, hindi pag-iikapu, takot sa tao, pakikipagkompromiso, pagsamba sa mga dios-diosan, at patuloy na maling mga gawi at mga kapistahan ng kamunduhan, katamaran, pagsasayang ng oras, atbp. Panginoon ako'y nagsisi at tinatalikdan ang lahta ng mga sumusunod na mga kasalanan*____________________________.

*Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ipinagkatiwala ang kanilang buhay sa inyo, Panginoon tulungan mo sila na panatilihin ang kanilang mga pangako sa iyo. Panginoon bigyan sila ng katapangan na sabihin Hindi, sa kasalanan, at sa mga kaibigan, sa mga kasapi ng pamilya, at kamag-anakan na humihila sa kanila upang magkasala at sirain ang iyong Salita. Panginoon bigyan sila ng pagkakilala at iligtas sila mula sa masama ar protektahan sila mula sa lahat ng mga gawa ng kaaway.*

*Panginoon kami'y nanalangain para sa simbahan na lumago. Puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu, at pangunahan kami at bigyang-daan kami na abutin ang bagong bayan at magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at mga kapisanan. Panginoon pagpalain kami at paramihin ang lahat ng aming mga paglilingkod, at ihanda kami para sa iyong pagparito na kam'yi makakasama mo kapag ikaw ay dumating upang kunin kami. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupan, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, at ang pag ibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu sa sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Daan para Maging Mapalad Yugto 2. Genesis 14/;17-20. Hebreo 7:1-4, Levitico 27:30. Malacias 3:8-12. Exodu 32:1-29. Mateo 10:37.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316201 4
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com